

Pagpapalaki sa Maka Dios Na Mga Anak Yugto 4

“1 At nangyari pagkatapos ng mga bagay na ito, na sinubok ng Dios si Abraham, at sa kaniya'y sinabi, Abraham; at sinabi niya, Narito ako. 2 At kaniyang sinabi, Kunin mo ngayon ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak na si Isaac, na iyong minamahal at pumaroon ka sa lupain ng Moria; at ihain mo siya roong handog na susunugin sa ibabaw ng isa sa mga bundok na aking sasabihin sa iyo. 3 At si Abraham ay bumangong maaga, at inihanda ang kaniyang asno, at ipinaqsama ang dalawa sa kaniyang mga alila, at si Isaac na kaniyang anak; at nagsibak ng kahoy para sa haing susunugin, at bumangon at naparoon sa dakong sinabi sa kaniya ng Dios. 4 Nang ikatlong araw ay itiningin ni Abraham ang kaniyang mga mata at natanaw niya ang dakong yaon sa malayo. 5 At sinabi ni Abraham sa kaniyang mga alila, Maghintay kayo rito sangpu ng asno, at ako at ang bata ay paroroon doon; at kami ay sasamba, at pagbabalikan namin kayo. 6 At kinuha ni Abraham ang kahoy ng handog na susunugin, at ipinagan kay Isaac na kaniyang anak; at dinala sa kaniyang kamay ang apoy at ang sundang; at sila'y kapuwa yumaong magkasama. 7 At nagsalita si Isaac kay Abraham na kaniyang ama, na sinabi, Ama ko: at kaniyang sinabi, Narito ako, anak ko. At sinabi, Narito, ang apoy at ang kahoy, nguni't saan naroon ang korderong pinakahandog na susunugin? 8 At sinabi ni Abraham, Dios ang maghahanda ng korderong pinakahandog na susunugin, anak ko: ano pa't sila'y kapuwa yumaong magkasama. 9 At sila'y dumating sa dakong sa kaniya'y sinabi ng Dios; at nagtayo si Abraham doon ng isang dambana, at inayos ang kahoy, at tinalian si Isaac na kaniyang anak at inilagay sa ibabaw ng dambana, sa ibabaw ng kahoy. 10 At iniunat ni Abraham ang kaniyang kamay at hinawakan ang sundang upang patayin ang kaniyang anak. 11 At tinawag siya ng anghel ng Panginoon mula sa langit, at sinabi, Abraham, Abraham: at kaniyang sinabi, Narito ako. 12 At sa kaniya'y sinabi, Huwag mong buhatin ang iyong kamay sa bata, o gawan man siya ng anoman: sapagka't talastas ko ngayon, na ikaw ay natatakot sa Dios, sa paraang hindi mo itinanggi sa akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak. 13 At itiningin ni Abraham ang kaniyang mga mata, at nagmalas, at narito, ang isang tupang lalake, sa dakong likuran niya na huli sa dawag sa kaniyang mga sungay: at pumaroon si Abraham, at kinuha ang tupa, at siyang inihandog na handog na susunugin na inihalili sa kaniyang anak. 14 At pinanganlan ni Abraham ang dakong yaon, ng Jehova-jireh: gaya ng kasabihan hanggang sa araw na ito: Sa bundok ng Panginoon ay mahahanda. 15 At tinawag ng anghel ng Panginoon si Abraham na ikalawa mula sa langit. 16 At sinabi, Sa aking sarili ay sumumpa ako, anang Panginoon, sapagka't ginawa mo ito, at hindi mo itinanggi sa akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak; 17 Na sa pagpapala ay pagpapalain kita, at sa pagpaparami ay pararamihin ko ang iyong binhi, na gaya ng mga bituin sa langit, at gaya ng mga buhangin sa baybayin ng dagat; at kakamtin ng iyong binhi ang pintuang-bayan ng kaniyang mga kaaway; At pagpapalain sa iyong binhi ang lahat ng bansa sa lupa; sapagka't sinunod mo ang aking tinig.” (Genesis 22:1-18 KJV)

Ang pagdidisiplina at pagsasanay din ay mas lumalim gaya ng pagtutuon natin ang buhay ni Abraham at Isaac. Sa naunang mensahe tinakalay natin ang mga sumusunod:

1. **Agarang pagsunod:** nangangailangan ng agarang pagtugon.
2. **Buong pagsunod:** nangangailangan ng lubos na pagpapasakop.
3. **Maparaang pagsunod:** nangangailangan ng kasipagan at pagsisikap.
4. **Masugid na pagsunod:** nangangailangan ng pagtititis at determinasyon.
5. **Kasang-ayon na pagsunod:** nangangailangan ng palagiang pagsasagawa.

Magpatuloy tayo sa mensaheng ito:

6. Pagpapasakop na pagsunod: Ang pagsunod ay nangangailangan ng malinaw na tagubilin upang makakuha ng sunud-sunod at walang tigil na pagsasagawa. Kung paanong inihandog ni Abraham si Isaac at handa si Isaac na ialay ang kanyang buhay sa Dios, kailangan nating sanayin ang ating mga anak sa gayon ding tuntunin: *“1 Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba.” (Roma 12:1 KJV)*

a. Ating turuan ang ating mga anak na ihandog ang lahat ng mga bahagi ng kanilang mga katawan sa Dios: Una, kailangan nating turuan ang ating mga anak na nilikha tayo ng Dios para sa Kanyang sarili. Habang lumalaki sila ay dapat nilang maunawaan na mula ulo hanggang paa, maging ang kanilang mga saloobin, damdamin, at emosyon ay pag-aari ng Dios at hindi dapat gamitin para sa makamundo o makasalanang mga bagay. *“13 At huwag din naman ninyong ihandog ang inyong mga sangkap sa kasalanan na pinaka kasangkapan ng kalikuan; kundi ihandog ninyo ang inyong sarili sa Dios, na tulad sa nangabuhay sa mga patay, at ang inyong mga sangkap na pinaka kasangkapan ng katuwiran sa Dios.” (Roma 6:13 KJV)*

b. Turuan natin ang ating mga anak na ibigay sa Dios ang hinihingi ng Dios: Kailangan nating turuan ang ating mga anak na maglaan ng isang araw ng Sabbath sa Dios, ang kanilang oras, pagsisikap, ikapu, kanilang mga unang bunga, at mga handog. Bata pa man sila, at sa tuwing bibigyan natin sila ng kaunting pera para

turuan silang mag-ipon, tuturuan din natin sila na magikapu ng pera na iyon ay sa Panginoon. Habang lumalaki sila sa alituntuning ito ng pagbibigay sa kanilang buhay, pagpapalain sila ng Dios at ibibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan.

c. Turuan natin ang ating mga anak tungkol sa pangangasiwa: Ang Dios ang nagmamay-ari ng lahat ng mayroon tayo kaya dapat turuan ang ating mga anak kung paano matalinong pamahalaan ang mga probisyon ng Dios. Ang ilang mga bata ay hindi maingat sa kanilang mga damit, sapatos, o pagkain dahil nakikita nila ang kasaganaan. At kapag nawala o nasira nila ang alinman sa kanilang mga ari-arian, wala silang pakialam dahil papalitan pa rin ang mga ito ng kanilang ama o ina. **Tayong mga magulang, ay may pananagutan na magbigay ng damit, sapatos, at pagkain para sa ating mga anak ngunit dapat tayong maging mas responsable sa pagtuturo sa kanila na alagaan ang kanilang mga gamit upang sila ay maging mabuting katiwala.** Dapat nating ituro sa pamamagitan ng halimbawa at malinaw na tagubilin. * Maepektibo nating matuturuan sila kapag hinid natin pinalitan ang mga bagay nang walang ingat na nasira. Ang isang bata na sinira ang kanyang mga gamit ay hindi dapat gantimpalaan ng isa pa kaagad. * Sa katunayan, ang limitasyon ay dapat itakda sa kung gaano karaming pera ang ginastos natin para sa ating mga anak. Halimbawa, dapat sanayin ng mga magulang ang kanilang mga anak na magsipilyo ng ngipin pagkatapos kumain, upang hindi sila magkaroon ng problema sa ngipin. Dapat ipaliwanag ng mga magulang sa kanilang mga anak na ang kanilang badyet ay ang pagbibigay ng pagkain para sa kanila upang kumain para lumaki, upang bumili ng sabon, toothpaste at brush upang mapanatiling malinis at malusog ang kanilang mga ngipin at katawan upang maiwasan ang mga sakit, pananakit ng ngipin, at dagdag na gastusin para sa mga doktor at dentista.

Dapat din nating turuan ang ating mga anak kung paano makatipid ng pera at mapagkukunan. Ang mga bata ay hindi dapat bigyan ng ganap na awtoridad o daan sa pera ng kanilang mga magulang. Kung lumaki sila sa ganoong paraan, kahit matanda na sila, hindi nila malalaman kung paano gamitin nang wasto ang mga mapagkukunan o gumastos ng pera nang matalino, at sa lalong madaling panahon ay mauubos na nila ang lahat ng mapagkukunan ng pamilya. Kailangan nating ituro sa ating mga anak ang alituntunin ng pangangasiwa sa pamamagitan ng ating halimbawa at ipaunawa sa kanila na ipinamumuhay natin ang Salita ng Dios. Dahil dito, mas marami rin tayong maibibigay sa Panginoon, kung alam natin kung paano mag ipon at ang mga yaman. Masisiyahan tayo sa paglalaan ng Dios kung alam natin kung paano kumain nang matalino. Malalaman natin kung paano tayo magiging kontento kung magsasagawa tayo ng mabuting pangangasiwa sa lahat ng bagay na ipinagkaloob sa atin ng Dios. Sa gayunding paraan, malalaman ng ating mga anak kung paano maging kontento kung tuturuan natin sila ng pangangasiwa.

d. Turuan natin ang ating mga anak na kung ano ang kanilang itinanim ay aanihin nila: Sa pag-aalaga sa mga anak, kailangang maging matatag ang ama at ina ng bawat pamilya sa pagpapakita sa kanila na walang pakikikompromiso sa pagharap sa mga kasalanan at pagkukulang. Dapat maunawaan ng ating mga anak na inaani nila ang bawat kahihinatnan ng kanilang ginagawa. **“7 Huwag kayong padaya; ang Dios ay hindi napabibiro: sapaqka't ang lahat na ihasik ng tao, ay siya namang aanihin niya. 8 Sapaqka't ang naghahasik ng sa kaniyang sariling laman ay sa laman magaan ng kasiraan; datapuwa't ang naghahasik ng sa Espiritu ay sa Espiritu magaan ng buhay na walang hanggan.” (Galacia 6:7-8 KJV)** Dapat tayong makipagtulungan sa Panginoon sa pagsasabuhay ng alituntunin sa paghahasik at pag-aani sa buhay. Kung ang ating mga anak ay gumagawa ng mabuti at susundin ang mga tagubilin ng Salita ng Dios na ibinibigay natin sa kanila, dapat silang gantimpalaan. Bawat masunurin at mabuting kilos ng ating mga anak ay dapat kilalanin at pahalagahan. Ngunit, ang bawat pagsuway at mapanghimagsik na pagkilos ay kailangang parusahan at harapin nang wasto at sa lugar. Kung minsan ang Panginoon mismo ang nakakaalam ng kasalanan ng ating mga anak at inilalantad ang mga ito sa atin upang harapin nang wasto. Sa ganitong sitwasyon, kailangan nating manindigan sa piling ng Panginoon at sumang-ayon na isagawa para sa Dios ang anumang uri ng disiplina na itinuturo Niya sa atin na ipatupad sa buhay ng ating mga anak. Gayundin, may mga pagkakataon na ang Panginoon Mismo ang humaharap sa mga pagkukulang ng ating mga anak, kaya sa gayong mga sitwasyon, hindi natin dapat makialam o pawiin ang bata mula sa kamay ng Dios. Ang ating mga anak, na ipinanganak sa ating mga tahanang Cristiano, ay mga anak din ng Dios at dinidisciplina tayo ng Panginoon, gaya ng pagdidisciplina ng ama upang itama ang mga anak. Mahal tayo ng Dios at direkta man hindi o direkta ang pagdidisciplina sa atin. Ipinagkatiwala ng Dios sa atin ang mga anak at ipinagkakaloob Niya sa atin ang tungkulin na ipatupad ang Kanyang disiplina sa ating mga anak upang sila ay maging makadios na mga anak. **“15 At di бага siya'y gumawa ng isa, bagaman siya'y may labis na Espiritu? At bakit isa? Kaniyang hinanap ang lahing maka Dios.” (Malakias 2:15 KJV)**

Upang ipatupad ang disiplina at turuan ang tamang pagsunod sa ating mga anak, kailangan nating subaybayan silang palagi. Sinasabi ng ilang kultura na kapag ang bata ay 18 taong gulang, maaari na siyang magpasya at gawin ang anumang gusto niya. Ngunit sa mga alituntunin ng Bibliya, ang mga magulang at espirituwal na pinuno ay laging nasa ibabaw ng mga anak at patuloy na ginagabayan sila sa mga paraan ng Panginoon kahit na sila ay matanda na. Si Timoteo ay isang pastor na, subalit hindi tumigil si Apostol Pablo sa pagbibigay sa kanya ng mga tagubilin. Ang mga anak ni Noe ay kasama niya sa arko, kahit na sila ay may asawa na.

Si Isaac ay apatnapung taong gulang nang isulong ni Abraham ang pamantayan sa makaDios na pag-aasawa para sa kanyang anak. Bago pa man iyon, nang si Abraham ay handang disiplinahin ang kaniyang anak at handa siyang ibigay at ihandog ito sa Dios bilang handog na sinusunog, inilalarawan ng Dios ang darating na pag-aasawa at ang pamilya ni Isaac.

Si Abraham nang subukin siya ng Panginoon, noong panahong iyon ang kanyang edad ay humigit-kumulang 115–120 taong gulang o pataas. Mayroon siyang nag-iisang anak na lalaki na si Isaac, at dito hiniling sa kanya ng Dios na ialay siya sa Dios bilang handog na susunugin. Si Abraham ay sumunod sa Dios at ipinakita niya ang pagsunod sa Dios sa buhay ng kanyang anak na si Isaac.

Sa paghahanda para sa MakaDios na pag aasawa dapat sanayin ng mga magulang ang kanilang mga anak na sumund sa Dios sa gayo'y ang kanilang hinaharap ay masiguro at sila'y mamuhay sa makaDios na pamilya. Bilang paghahanda para sa makaDios na pag-aasawa mula sa piniling talata ng **Genesis 22:1-18**, maari nating pagpasyahann ang sumusunod na mga mahahalagang

- **Mahalaga ang pagsunod ng mga magulang:** Sumunod si Abraham sa Dios kaagad at handang ihandog ang kanyang anak na si Isaac bilang isang sinunog na handog. Handang maglakbay si Abraham ng tatlong araw na paglalakbay at umakyat sa bundok upang makarating ang lugar na hiniling ng Dios na marating. Maging sa gulang na iyon, siya ay masigasig at hindi tinamad. Hindi niya pinigilan ang kanyang madamdaming puso o emosyon na pigilin si Isaac mula sa paghahandog sa Dios. Nag-iwan iyon ng magandang huwaran para sundin ni Isaac at mamuhay nang lubos sa pagsunod sa Dios.

- **Dapat akayin ng mga magulang ang kanilang mga anak sa tamang pananampalataya:** Dinala ni Abraham ang kanyang anak na si Isaac sa tamang lugar ng pagsamba at itinuro sa kanya ang tapat na pananampalataya. Dinala ni Abraham si Isaac sa lupain ng Moria, ang lugar kung saan ipinako sa krus ang ating Panginoong Jesus. Kumpleto na ang pagsamba sa bundok na iyon. Dalawang tao ang naparito upang gawin ang buong kalooban at utos ng Dios. Naroon ang Dios Ama, ang anghel ng Panginoon. Naroon ang Dios na Anak, na sumasagisag sa tupa, ang Kordero ng Dios. Naroon ang Banal na Espiritu, na sumasagisag sa apoy. Naroon ang Salita ng Dios, na sinasagisag ng kutsilyo. Ang simbahan ng Dios, ang ministeryo na itinatago, at ang disiplina ay naroon, na sumasagisag sa altar na itinayo ni Abraham at itinali ang kanyang anak na si Isaac dito.

- **Dapat sanayin ang mga bata na sa panahon ng pagsubok at pagsubok ay dapat parangalan ang Dios at ibibigay ng Diyos, ngunit kailangan muna nilang sundin Siya:** “7 At nagsalita si Isaac kay Abraham na kaniyang ama, na sinabi, Ama ko: at kaniyang sinabi, Narito ako, anak ko. At sinabi, Narito, ang apoy at ang kahoy, nguni't saan naroon ang korderong pinakahandog na susunugin? 8 At sinabi ni Abraham, Dios ang maghahanda ng korderong pinakahandog na susunugin, anak ko: ano pa't sila'y kapuwa yumaong magkasama.” (Genesis 22:7-8 KJV) Malinaw ang sagot ni Abraham sa tanong ng kanyang anak na si Isaac at malugod na tinanggap ni Isaac ang sinabi sa kanya ng kanyang ama. Inialay ni Jesus ang kanyang buhay bilang pagsunod sa Dios Ama, at handa si Isaac na ialay ang kanyang buhay bilang pagsunod sa kanyang amang si Abraham, tulad ng pagsunod ng kanyang amang si Abraham sa Dios Ama.

- **Dapat tulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na maunawaan at maabot ang mabuting plano na inilaan ng Dios para sa kanila:** Marami ang nag-iisip na ang magandang kinabukasan ay makakamit ng kanilang mga anak kung bibigyan nila sila ng masarap na pagkain at gugugol sa kanila at ilalagay sila sa magagandang paaralan at magtatapos sila ng magagandang kolehiyo. Mahalaga ang mga bagay na ito, ngunit lahat ay hindi mahalaga. Ang pagsasanay sa kanila at pagbibigay-kakayahan sa kanila na gawin at sundin ang kalooban ng Dios ay mahalaga at iyon ang kinakailangan. Kinailangan ni Isaac ang kanyang ama na akayin siya at iakyat sa bundok ng Moriah at kakailanganin niya itong gapusin sa altar. Hindi magagawa ng mga anak ang gayong mga bagay kung wala ang tulong ng kanilang mga magulang o ng kanilang espirituwal na mga magulang. Dapat sanayin ang mga bata, na sa panahon ng pagsubok at panahon ng pagsubok, ang Dios ay magbibigay ngunit pagkatapos nilang sumunod. “13 At itiningin ni Abraham ang kaniyang mga mata, at naqmalas, at narito, ang isang tupa ng lalake, sa dakong likuran niya na huli sa dawa sa kaniyang mga sungay: at pumaroon si Abraham, at kinuha ang tupa, at siyang inihandog na handog na susunugin na inihalili sa kaniyang anak.” (Genesis 22:13 KJV)

- **Makikita ng mga masunuring mga magulang ang mabuting plano ng Dios sa kanilang mga anak:** Ipinangako ng Dios kay Abraham ang patatakdang iyon, “17 Na sa pagpapala ay pagpapalain kita, at sa pagpaparami ay pararamihin ko ang iyong binhi, na gaya ng mga bituin sa langit, at gaya ng mga buhangin sa baybayin ng dagat; at kakamtin ng iyong binhi ang pintuang-bayan ng kaniyang mga kaaway; 18 At pagpapalain sa iyong binhi ang lahat ng bansa sa lupa; sapagka't sinunod mo ang aking tinig.” (Genesis 22:17-18 KJV) Ang planong ito ng pagpaparami ng mga inapo ni Abraham ay mangyayari sa pamamagitan ni Isaac kapag si Isaac ay magkakaroon ng makaDios na pamilya. Upang si Isaac ay magkaroon ng makaDios na pamilya, dapat siyang magkaroon ng angkop na kabiyak upang tulungan sita na makamit iyon. Binasa natin sa

katapusan sa *Genesis 22* tungkol sa mga anak ni Nahor: **“19 Sa gayo'y nagbalik si Abraham sa kaniyang mga alila, at nagsitindig at samasamang nagsiparoon sa Beerseba; at tumahan si Abraham sa Beerseba. 20 At nangyari, pagkatapos ng mga bagay na ito, na ibinalita kay Abraham na sinasabi, Narito, si Milca rin naman ay nagkaroon ng mga anak kay Nahor na iyong kapatid. 21 Si Huz ang kaniyang panganay, at si Buz na kaniyang kapatid, at si Kemuel na ama ni Aram; 22 Si Chesed din naman, at si Hazo, at si Pildas, at si Jidlaph, at si Bethuel. 23 At naging anak ni Bethuel si Rebeca: ang walong ito ay naging anak ni Milca kay Nachor na kapatid ni Abraham. 24 At ipinanganak din naman ng kaniyang babae na tinatawag na Reuma, si Teba, at si Gaham, at si Taas at si Maacha.”** (Malakias 22:19-24 KJV)

Sinabi kay Abraham na si Rebeca bilang inapo ni Nachor, na kapatid ni Abraham. Inihanda ng Dios si Rebeca upang maging asawa ni Isaac. Kaya't nang sumunod sina Abraham at Isaac sa Dios at gawin ang Kanyang kalooban, ipinahayag ng Panginoon ang impormasyong ito kay Abraham at inihayag sa kanya ang mabuting plano niya para sa kanyang anak na si Isaac. Inihandog ni Abraham si Isaac noong bata pa si Isaac. Naging asawa ni Isaac si Rebeca sa edad na apatnapung taon. **Kaya maaari mong pagpasyahan dito na kapag kusang-loob kang sumusunod sa Panginoon kung gayon ay ihahayag sa iyo ng Panginoon ang mabuting plano na mayroon Siya para sa iyong mga anak nang maaga. Ang Panginoon ay laging may magandang plano para sa iyong mga anak, at ang planong ito ay maghahayag at magkakatatotoo lamang kapag lubos mong sinunod Siya at ginagawa ang Kanyang kalooban sa pagpapalaki sa inyong mga anak nang lubos na pagsunod sa Panginoon.**

*** Lahat tayo ay nagnanais na maging ligtas ang kinabukasan ng ating mga anak at lubos silang pagpalain ng Panginoon. Ngunit, ang tanging paraan upang makita na ito ay tunay na nangyayari sa kanilang buhay ay kapag sinasanay natin sila sa pagsunod sa Salita ng Dios. * Sa pang-araw-araw na buhay at habang lumalaki at nagiging ganap ang mga anak, dapat ipakita ng mga magulang at mga nakatatanda sa pamilya sa mga bata ang tamang saloobin at ipaliwanag ang maling saloobin bilang mali na karapat-dapat parusahan. Mula sa maagang yugto mismo, ang mga bata ay dapat palakihin sa pagsasanay at pagtuturo ng Panginoon, at dapat nilang mapagtanto ang kapangyarihan ng Salita ng Dios sa ating mga tahananang Cristiano. * Dapat malaman ng ating mga anak na nakatuon tayo sa paggawa ng ating binabasa at natututuhan sa Bibliya, habang sumasamba at nananalangin tayo sa Dios araw-araw. Dapat maunawaan ng mga anak na ang lahat ng miyembro ng kanilang pamilya ay tunay na mga tao na nilikha ng Dios upang mamuhay ayon sa katotohanan ng Salita ng Dios. * Bilang isang pamilya, dapat tayong magsama-sama na sambahin ang Dios, manalangin at magtrabaho, at laging magkasama sa paggawa ng tama, at turuan ang mga anak na gawin ang tama sa halip na bigyan sila ng mga pasilidad at kagamitan na magdadala sa kanila sa pagkawasak.**

Magdisiplina tayo sa ating mga tahanan para labanan ang kasalanan na tiyak na sumisira sa kinabukasan ng ating mga anak. Sa katunayan, ito ay isang pakikibaka upang mapanatili ang mga patakaran at hangganan sa ating mga pamilya. Ngunit kailangan nating magtiyaga sa Panginoon na disiplinahan ang ating mga anak hanggang sa mapagtagumpayan nila ang makasalanang mundong ito. **“4 Hindi pa kayo nakikipaglaban hanggang sa mabubo ang dugo, na nakikipagaway laban sa kasalanan:”** (Hebreo 12:4 KJV) Huwag tayong matakot sa opinyon ng mga tao at sa pinagsasabi ng mundo ngayon tungkol sa hindi pagdidisiplina sa mga bata. Sa halip, sundin natin ang Dios at sundin ang Kanyang mga tagubilin para sa kapakanan ng ating mga anak at ng kanilang mga pamilya na malapit nang dumating.

Tayo bilang mga magulang ay tinawag sa ating mga tahanan upang pangalagaan ang kabanalan, kabanalan, at kuntentong buhay pamilya. Bilang nais nating sanayin ang ating mga anak sa takot sa Panginoon, tiyak na ituturo sa ating ng Panginoong Dios ang higit pa tungkol sa kung paano matalino na harapin ang ating mga anak, at ituturo sa atin ng Banal na Espiritu ang mas personal at tumpak na mga paraan kung paano maipapatupad ang makadios na disiplina sa ating mga anak. **“24 Tapat yaong sa inyo'y tumatawag, na gagawarin naman nito.”** (1 Tesalonica 5:24 KJV)

Sa aking Mahal at Minamahal: Lumapit ngayon sa Dios na ipinangako ang iyong sarili na gawin ang mga alituntunin na natutuhan mo sa mensaheng ito tungkol sa pagdidisiplina sa mga bata at kung paano sila palakihin sa takot sa Dios; Magtiwala sa Dios na ibibigay Niya ang lahat ng iyong mga kailangan at mga pangangailangan ng iyong pamilya bilang patuloy kang sumusunod sa Kanya at ginagawa ang Kanyang kalooban.

Manalangin tayo ...

Ang aking panalangin: Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan mo sa pangalalan ni Jesus na namatay sa krus para aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan kami ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita na itinuro sa akin kung paano turuan, sanayin at palakihin ang aking mga anak sa pagkatakot sa iyo. Panginoon salamat sa iyo para sa pamilya na ibinigay mo sa akin, at salamat para sa lahat ng mga mapagkukunan at sa mga pagsubok na ipinahintulot mo sa aming buhay upang bumaling kami sa iyo at lubos na magtiwala sa iyo.

Magsisi at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi at talikdan ng iyong mga naantala at bahagyang pagsunod. Magsisi sa iyong walang kagustuhang disiplinahin ang iyong mga anak at ang iyong kakulangan ng pananampalataya at magtiwala sa Dios na kapag handa mong disiplinahin sila, Siya mismo ang magpapala sa kanila at magpapaulad sa kanilang kinabukasan. Magsisi at talikdan ang iyong kamunduhan at paggawa ng sarili mong kalooban at plano na hindi kalooban at plano ng Dios. Magsisi at talikdan ang iyong kawalan ng pagsamba bilang pamilya, pananalangin at pagbabas ng Bibliya sa kanila. Magsisi sa pakikisama sa di mananampalataya at pagsasayang ng maraming ora sa mga kaibigan, at sa Media, Mga Blita at palaro. Magsisi sa iyong maling pagkaunawa tungkol sa paghahanda para sa MakaDios na pag aasawa. Magsisi sa iyong masamang pangangasia at ng iyong kakulangang mag-apon, at pagtatakda ng masamang halimbawa sa iba. Magsis sa iyong kawalang kagutuhang maglingkod sa Dios at magdusa para sa Kanya. Panginoon patawarin o ako, Ako ay nagsisi at tinatalikdan ang sumusunod na mga kasalanan _____.

Panginoon Ipinagkatiwala ko aking sarili na gawin ang mga tuntunin na Aking natutunan sa mensaheng ito tungkol sa pagdidisiplina sa mga bata at kung paano palakikihin sila sa pagkatakot sa iyo; nagtitiwala sa iyo na ikaw ang magbibigay ng lahat ng aking mga kailangan at pangangilangan ng aking pamilya habang patuloy kaming susunod at gawin ang iyong kalooban. Panginoon Ipinagkatiwala ko ang aking sarili na disiplinahin ang aking mga anak, turuan sila, sanayin sila at isagawa ang Aking tinanggap sa mensaheng ito. Panginoon, Ipinagkatiwala ko ang aking sarili na magkaroon palagiang pamilyang pagsamba, magbasa ng Bibliya at manalangin kasama nila. Panginoon Handa kong gawin ang sumusunod na hiniling mong gawin ko _____

Panginoon Ako ay nagtitiwala sa kinabukasan ang aking mga anak na gagawin mong mabuti at pauunlarin mo sila habang ginagawa ko ang aking tungkulin sa kanilang buhay. Panginoon nagtitiwala ako sa iyo na magagawang mong mapagtagumpayan ko ang pakikikabang ito sa aking buhay _____

Panginoon maraming salamat para sa aking mga kapatid na nagsisisi sa kanilang mga kasalanan at ipinagkatiwala ang kanilang buhay na turuan ang kanilang mga anak, disiplinahin sila, at palakihin sila sa pagkatakot sa iyo. Panginoon sagutin ang kanilang mga panalangin, protektahan sila, tulungan sila, tulungan silang dumaan sa mga pagsubok na kinakaharap nila sa kanilang buhay, at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan upang patuloy nilang paglingkuran ka.

Panginoon pagpalain kami bilang iyong simbahan, at tulungan kami na patuloy na ituro ang iyong Salita at tulungan ang iyong bayan, ang mga pamilya sa ilalim ng aming pangangalaga upang palakihin ang aming mga anak sa pagkatakot sa iyo. Panginoon dalangin namin para maraming makaDios na pag-aasawa na maganap at maraming makaDios na pamilya na mabuo. Panginoon puspusin kami ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng Espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay na magpatuloy at mag evangelio, at gumawa ng mga alagad at sanayin ang mga manggagawa na yumaon at magtanim ng bagong mga pag-aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng Buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at palayain kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Pagpapalaki sa Maka Dios Na Mga Anak Yugto 4. Genesis 22:1-24. Roma 12:1. Roma 6:13. Galacia 6:7-8. Malakias 2:15. Genesis 22:19-24. Hebrew 12:4. 1 Tesalonica 5:24.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasampung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)

ACCOUNT NAME:

RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF

ACCOUNT NO:

1576003753162014

IBAN:

AE3803151576003753162014

SWIFT CODE:

NBADAEEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com